# MGA KAUGALIAN NI PROPETA MUHAMMAD (BAHAGI 1 NG 2)

**Marka:**

**Deskripsyon:** Dalawang mga aralin tungkol sa katangian at pag-uugali ni Propeta Muhammad bago at matapos siyang maging propeta ng Allah.

**Kategorya:** Mga Aral › Si Propeta Muhammad › Ang Kanyang Talambuhay

**Ni:** Imam Kamil Mufti (© 2016 NewMuslims.com)
**Nai-publish sa:** 02 Apr 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Mga Layunin

·Upang pahalagahan na si Propeta Muhammad ay isang huwaran para sa sangkatauhan na dapat tularan.

·Upang malaman ang kanyang katangian bago pa siya hirangin bilang propeta ng Allah.

·Upang malaman ang tungkol sa katapatan at pagtitiis ni Propeta Muhammad.

Mga Terminolohiyang Arabik

·*Ameen* - mapagkakatiwalaan.

·*Sadiq* - makatotohanan.

## Bago pa siya maging Propeta



Ang Propeta ay isang mapagkakatiwalaan at tapat na tao bago pa man niya natanggap ang kapahayagan. Kailanman ay hindi siya nagtaksil kaninuman, o kaya'y nagsinungaling o nandaya man. Kilala siya ng mga tao bilang ‘Al-Ameen’, o ‘Ang Mapagkakatiwalaan’. Ipinagkakatiwala sa kanya ng mga tao ang kanilang mga mahahalagang bagay kapag nais nilang maglakbay. Kilala rin siya bilang ‘As-Sadiq’ o ‘Ang Makatotohanan’ sapagkat hindi siya kailanman nagsinungaling. Siya ay may mahusay na pag-uugali, mahusay na pananalita, at maibigin sa pagtulong sa kapwa. Siya ay minamahal ng mga tao at iginagalang at taglay niya ang kagandahan ng paguugali. Bago pa maging isang propeta, hindi siya umiinom ng alak, sumasamba sa estatwa o rebulto, o manumpa sa pamamgitan ng mga ito.

### Nang Siya ay Maging Propeta

Ang Allah ay nagsabi:

***“Katotohanan, ikaw ay may mahusay na pag uugali.” (Quran 68:4)***

Si Propeta Muhammad, sumakanya nawa ang habag at pagpapala ng Allah, ay isang huwaran na dapat tularan ng sangkatauhan. Tinanong ang kanyang asawa na si Aisha tungkol sa kanyang pag uugali, at siya ay nagsabi,

***“Ang kanyang pag uugali ay ang Quran.”***

Ibig niyang sabihin na ang Propeta ay sumusunod sa batas, kautusan, at mga ipinagbabawal sa Quran. Sinabi niya patungkol sa kanyang sarili:

***“Ipinadala ako ng Allah sa ganap na pag uugali at paggawa ng kabutihan.”[1]***

Si Anas, anak ni Malik, ay naglingkod sa kanya ng sampung taon. Si Anas ay kasama niya buong araw at may kaalaman sa kanyang mga kaugalian. Inilarawan ni Anas:

***“Walang sinuman ang sinumpaan ng Propeta, at di rin naging bastos, ni sinumpa ang sinuman. Kung mayroon siyang nais pagsabihan, kanyang sinasabi: ‘Ano ang nangyari sa kanya, sabuyan sana siya ng alikabok sa mukha!’”[2]***

## Katapatan at Pagiging Mapagkakatiwalaan

Si Propeta Muhammad ay kilala sa kanyang katapatan. Ang mga pagano ng Mecca, na hayagang napopoot sa kanya, ay nagiiwan ng kanilang mga mahahalagang bagay dahil wala pa namang bangko noon. Ang kanyang katapatan ay nasubukan noong ang mga pagano ng Mecca ay inabuso at pinahirapan ang kanyang mga kasamahan at pinalayas sa kanilang mga tahanan. Inutusan niya ang kanyang pinsan, na si Ali na iantala ang kanyang paglikas papuntang Madina ng tatlong araw upang ibalik sa tao ang kanilang mahahalagang bagay.

Isa pang halimbawa ng kanyang katapatan ay naipakita sa Kasunduan sa Hudaibiyah[3]. Ang mga alituntunin sa kasundusan ay sinuman na umalis sa Propeta ay hindi na ibabalik pa sa kanya, subalit sinuman ang umalis sa Mecca ay ibabalik sa kanila. Isang lalaking nagnga-ngalang Abu Jandal ang nakatakas mula sa mga pagano ng Mecca at sumama sa Propeta. Hiniling ng mga pagano na kilalanin ni Propeta Muhammad ang kanilang kasunduan at isauli ang lalake. Ang Sugo ng Allah ay nagsabi:

***“O Abu Jandal! Maging matiisin at hilingin sa Allah na bigyan ka ng tiyaga. Katiyakang tutulungan ka ng Allah at maging ang mga inaapi na maging magaan ito para sa iyo. Kami ay nakipagkasundo sa kanila, at kami ay hindi maaaring tumalikod o magtaksil.” [4]***

## Pagtitiis at Pagtitimpi

Sinabi ni Anas:

***“Minsan, ako ay naglalakad kasama ng Sugo ng Allah habang suot niya ang balabal na gawa sa Yemen na may kwelyong magaspang ang mga gilid. Isang Bedouin ang humaltak sa kanya ng malakas. Tinignan ko ang gilid ng kanyang leeg at nakita kong nagmarka sa kanyang leeg ang gilid ng balabal. Ang Bedouin ay nagsabi, ‘O Muhammad! Bigyan mo ako (ng ilan) sa mga kayamanan ng Allah na mayroon ka.' Ang Sugo ng Allah ay lumingon sa Bedouin, ngumiti at nag utos na bigyan siya ng (ilang salapi).”[5]***

Isa pang halimbawa ng kanyang pagtitiis ay ang kuwento ng Hudyong Rabbi, Zaid bin Sa’nah. Si Zaid ay nagpautang sa Sugo ng Allah. Siya mismo ang nagsabi,

***“Dalawa o tatlong araw bago ang pagbabayad ng utang, ang Sugo ng Allah ay sumama sa libing ng isang lalaking mula sa mga Ansar. Sina Abu Bakr at Umar, Uthman at ilang mga Kasamahan ay kasama rin ng Propeta. Pagkatapos niyang magdasal para sa panalangin sa libing siya ay umupo malapit sa dingding, at pinuntahan ko siya, hinawakan ko sa dulo ng kanyang balabal, at tinignan ko siya ng masama, at nagsabi: ‘O Muhammad! Hindi mo ba babayaran ang utang mo? Ang pamilya ni Abdul Muttalib ay hindi kilala sa pag-aantala ng pagbabayad sa utang!’***

***Tinignan ko si Umar ibn Al-Khattab - namumula ang kanyang mata sa galit! Tinignan niya ako at nagsabi: ‘O kalaban ng Allah, maghinay-hinay ka sa kanya?! Sumpa man sa Kanya na nagsugo sa kanya sa katotohanan, kung hindi lamang sa takot na hindi ako makapasok sa Paraiso, pupugutan kita ng ulo sa pamamagitan ng espada ko!’ Kalmado at mapayapang tiningnan ng Propeta si Umar, at nagsabi: ‘O Umar, dapat ay binibigyan mo kami ng taos-pusong pagpapayo, kaysa gawin ang tinuran mo! O Umar, bayaran mo ang kanyang pinahiram, at dagdagan mo dahil tinakot mo siya!’”***

***Sinabi ni Zaid: “Pumunta sa akin si Umar, at binayaran ang utang, at binigyan ako ng sobrang dalawampung sa’a***[6]***ng datiles. Tinanong ko siya: ‘Ano ito?’ Siya ay nagsabi: ‘Ang Sugo ng Allah ay nag utos sa akin na ibigay ito, dahil tinakot kita.’” Si Zaid kapagdaka ay nagtanong kay Umar: “O Umar, kilala mo ba kung sino ako?” Si Umar ay nagsabi: “Hindi, Hindi kita kilala?” Si Zaid ay nagsabi: “Ako ay si Zaid ibn Sa’nah.” Si Umar ay nagtanong: “Ang Rabbi?” Si Zaid ay tumugon: “Oo, ang Rabbi.” Si Umar ay nagsabi: “Papaano mo nagawang pagsabihan ng ganoon ang Propeta at gawin ang iyong ginawa sa kanya?” Si Zaid ay sumagot: “O Umar, nakita ko ang lahat ng mga tanda ng pagkapropeta sa mukha ng Sugo ng Allah maliban sa dalawa – (una) ang kanyang pasensiya at pagtitimpi ay nagingibabaw sa kanyang galit at ang pangalawa, gaano mo man siya pagmalupitan, ay mas nagiging mabait at mapagtimpi siyang lalo, at kumbinsido na ako ngayon. O Umar, ikaw ang aking saksi na pinapatotohanan ko at ako ay kumbinsido na walang totoong Diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah lamang, at ang aking relihiyon ay Islam at si Muhammad ang aking Propeta. Ikaw rin ang aking saksi na ang kalahati ng aking kayamanan - at ako ay kabilang sa pinakamayaman sa Madina - ay ipinagkakaloob ko alang-alang sa Allah sa mga***

***Muslim." Si Umar ay nagsabi: "Hindi mo maipapamahagi ang iyong kayamanan sa lahat ng Muslim, kaya't sabihin mo, 'Ipagkakaloob ko ito sa ilang mga taga-sunod ni Muhammad.'" Bumalik sina Zaid at Umar sa Sugo ng Allah. Sinabi ni Zaid sa kanya: "Ako ay sumasaksi na walang totoong diyos na karapatdapat sambahin maliban sa Allah lamang, at si Muhammad ay alipin ng Allah at Kanyang Sugo." Naniwala siya sa kanya, at sumaksi sa maraming mga labanan at namatay sa Digmaan sa Tabuk habang hinaharap ang kalaban - kahabagan nawa ng Allah si Zaid.[7]***

Isang dakilang halimbawa ng kanyang pagpapatawad at pagtitimpi ay makikita nang pinatawad niya ang mga taga-Mecca pagkatapos ng pagkakasakop nito. Nang tinipon ng Sugo ng Allah ang mga tao; na umabuso, nanakit at nagpahirap sa kanya at sa kanyang mga kasamahan, at nagpalayas sa kanila sa lungsod ng Mecca, sinabi niya:

***"Ano ang iniisip ninyong gagawin ko sa inyo?" Sila ay sumagot: "Gagawin mo lamang ang kanais-nais; ikaw ay mabuti at mapagbigay na kapatid, at isang mabait at mapagbigay na pamangkin!" Ang Propeta ay nagsabi: "Humayo kayo - malaya kayong gawin ang gusto n'yo."[8]***

---

Talababa:

| | |
|---|---|
| [1] | *Saheeh Al-Bukhari* |
| [2] | *Saheeh Al-Bukhari* |
| [3] | Hudaibiyah ay isang lugar sa labas ng Mecca. |
| [4] | *Baihaqi* |
| [5] | *Saheeh Al-Bukhari* |
| [6] | Isang sinaunang panukat ng mga Arabo. |
| [7] | *Ibn Hibban* |
| [8] | *Baihaqi* |

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.newmuslims.com/tl/articles/330/mga-kaugalian-ni-propeta-muhammad-bahagi-1-ng-2

Copyright © 2011 - 2024 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.